# Ang paghihikab sa pagdarasal ay mula kay Satanas,kapag naghikab ang isa sa inyo pigilan niya ito sa abot ng kanyang makakaya

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-sa Hadith na Marfu-(( Ang paghihikab sa pagdarasal ay mula kay Satanas,kapag naghikab ang isa sa inyo pigilan niya ito sa abot ng kanyang makakaya))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Ang paghihikab sa pagdarasal ay mula kay Satanas,Sapagkat siya ay nagsasanhi ng pagbigat sa katawan,at pamamahinga nito at pagiging puno nito,at paglihis nito sa pagtamad at pagtulog,Si Satanas ay siyang ng-aanyaya sa pagbibigay sa sarili ng pagnanasa nito,at nagpapatakaw nito sa pagkain at pag-inom,kaya kapag naramdaman ng nagdarasal ang paghihikab o inibig niya na maghikab,nararapat na pigilan niya ito at hadlangan sa abot ng kanyang makakaya,ito sa pamamaraan ng pagpipigil niya sa pamamagitan ng pagtikum niya sa mga ngipin niya at dalawang labi niya sa abot ng kanyang makakaya,upang hindi maabot ni Satanas ang layunin niya mula sa pagbaluktot ng itsura niya at pagpasok nito sa bunganga niya at sa paghahalakhak niya sa kanya,at kapag hindi niya ito napigilan,nararapat na takpan niya ito sa kamay niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee